## Tala: 1

Pagtutuli sa Bagong Silang(includes abstract) Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052416

Abstract: Pagtanggal sa pang-ibabaw na balat, isang piraso ng balat na tumatakip sa dulo ng ari ng lalaki.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Pagtutuli sa Bagong Silang


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

## Kahulugan

Pagtanggal sa pang-ibabaw na balat, isang piraso ng balat na tumatakip sa dulo ng ari ng lalaki.

**Pagtutuli**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Ari ng Lalaki

## Mga Dahilan para sa Proseso

Sa US, kadalasang ginagawa ang proseso para sa mga dahilang pangkultura at/o panrelihiyon. Ito ay karaniwang isinasagawa sa mga sanggol sa mga unang araw ng kanilang buhay. Maaari itong gawin sa mga mas nakatatandang batang lalaki o mga kalalakihan kung may dahilang medikal.

Ang ilang mga benepisyong pangkalusugan ay inaakalang may kaugnayan sa pagtutuli. Maraming mga propesyonal sa larangan ng kalusugan ang naniniwalang kakaunti ang mga benepisyo. Ang pagtutuli ay maaaring may kaugnayan sa nabawasang mga panganib sa:

- Impeksyon sa daluyan ng ihi
- Impeksiyon sa pang-ibabaw na balat
- Phimosis (pagsikip ng pang-ibabaw na balat, na maaaring malubha sapat upang masarahan ang bukasan ng ari ng lalaki)
- Cancer sa ari ng lalaki
- Ilang mga karamdamang naikakalat sa pakikipagtalik

## Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Mga sanggol na may mga karamdamang pagdurugo
- Mga sanggol na may kasaysayan sa pamilya ng mga karamdamang pagdurugo
- Mga sanggol na ang mga ina ay uminom ng mga gamot na pampalabnaw ng dugo habang nagbubuntis
- Mga sanggol na may kapinsalaan sa kanilang ari kung saan ang pang-ibabaw na balat ay maaaring mangailangan ng pag-aayos upang iwasto ang kapinsalaan.
- Mga sanggol na ipinanganak nang di pa panahon

- Mga sanggol na may mga impeksiyon o malalang paninilaw ng balat sa panahon ng pagtutuli

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

- Maingat na susuriin ng doktor ang sanggol upang tiyaking siya ay nasa mabuting kalusugan at ang ari ay mukhang normal
- Maaaring isagawa ang mga pagsusuri sa dugo at/o ihi
- Maaaring pahiran ang ari ng kremang anesthesia 60 hanggang 90 minuto bago magsimula ang proseso upang pamanhirin ang bahagi
- Ginagamit din minsan ang iniiniksiyong anesthesia

## Habang Ginagawa ang Proseso

- Walang mga gamot o mga likidong IV ang kinakailangan habang isinasagawa ang pagtutuli
- Maaaring pakalmahin ng pang-along tsupong inilubog sa solusyon ng asukal ang sanggol habang isinasagawa ang proseso

## Anesthesia

Ipinapakita ng pananaliksik na ang pinakamabuting paraan ay ang penile ring block.

## Paglalarawan sa Proseso

Ang bata ay maingat na pinipigilan sa isang tablang pansanggol o ng piniling indibidwal. Iniiniksiyon ang anesthesia. Nililinis ang ari gamit ang isang solusyong antiseptiko.

Hinihila ng doktor ang pang-ibabaw na balat palayo sa katawan ng ari habang tinatangay ang anumang bahagi kung saan ang tissue ay nakadikit pa sa ari. Inilalapat ang presyon sa mga daluyan ng dugo. Hinihiwa upang tanggalin ang labis, hindi na kailangang pang-ibabaw na balat. Bihira, maaaring gamitin ang mga tutos upang itahi sa puwesto ang nalalabing piraso ng pang-ibabaw na balat sa balat ng ari.

Maaaring tanggalin ang pang-ibabaw na balat sa ilang mga paraan. Ang ilan ay gumagamit ng simpleng kutsilyong pang-opera upang tanggalin ang pang-ibabaw na balat. Ang iba ay maaaring gumamit ng isa sa ilang mga aparato upang tiyakin ang pantay na pagtutuli at ipitin ang mga daluyan ng dugo. Kabilang sa mga aparatong ito ang pang-ipit na Gomco, aparatong Plastibell, o pang-ipit na Mogen. Ang aparatong Plastibell ay iniiwan sa bahagi sa halip na benda. Ito ay kusang nalalaglag sa loob ng 5 hanggang 8 araw. Pinapahiran ang ari ng maraming petroleum jelly at minsan ay nilalagyan ng benda.

## Pagkatapos ng Proseso

Walang espesyal na mga gamot ang kailangan pagkatapos ng pagtutuli.

## Gaano Katagal Ito?

Ang proseso ay nagtatagal nang 15 hanggang 30 minuto.

## Masakit Ba?

Gamit ang naaangkop na anesthesia, dapat kaunting pananakit lamang ang mararamdaman ng sanggol.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Pagdurugo
- Mga reaksiyon sa anesthesia
- Hindi kasiya-siyang kinalabasan ng itsura, dahil sa pagtanggal ng masyadong kaunti o masyadong maraming pang-ibabaw na balat, o hindi pantay na itsura
- Meatitis at meatal stenosis (iritasyon o pagsikip ng bukasan ng urethra)
- Mga balat na nagdurugtong sa ulo at katawan ng ari (skin bridges)
- Nabawasang pandama ng ari
- Pagkawala ng sobrang balat sa ari
- Nakabaong ari
- Pangangailangan ng karagdagang operasyon

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Walang kaugnay na pananatili sa ospital ang pagtutuli.

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Palitan ang benda at linisin ang natuling bahagi tuwing magpapalit ng lampin
- Maglagay ng petroleum jelly o isang pamahid na antibiotic upang pigilin ang pagdikit ng lampin o benda sa ari

**Resulta**
Maaaring may maraming pamamaga sa ari at/o malinaw na langib sa bahaging natuli. Dapat maayos ang paggaling ng ari sa loob ng 7-10 araw pagkatapos ng pagtutuli. Kung iniwan sa bahagi ang aparatong Plastibell, dapat itong kusang malaglag sa loob ng 10 araw.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Mantsa ng dugong mas malaki kaysa bentesingko sentimong dolyar sa lampin ng sanggol
- Ang aparatong Plastibell ay hindi nalaglag sa loob ng 10 araw
- Ang ari o bahagi ng hiwa ay mukhang mapula, namamaga, mainit kapag hinahawakan, o may tumatagas na likidong maladilaw
- Ang sanggol ay nilalagnat o mukhang may pananakit
- Ang sanggol ay walang basang lampin sa loob ng 6 hanggang 8 oras pagkatapos ng proseso
- Ang ulo ng ari ay parang asul o itim

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052416